

KNOW YOUR RIGHTS PARA SA MGA SURVIVOR NG AT MGA KOMUNIDAD NA NAAPEKTUHAN NG KARAHASAN LABAN SA ASIAN

APRIL 21, 2021



I. CRIMINAL JUSTICE AT MGA KARAPATAN NG BIKTIMA

1. Pag-uulat ng Krimen

Itala ang Mga Detalye ng Insidente: Una, tandaang maaaring mangyari ang mga krimen sa pagkapoot sa kahit sino. Hindi ikaw ang dapat sisihin. Kapag humupa na ang paunang pagkasindak dahil sa insidente, isulat kung ano ang eksaktong nangyari. Magsama ng maraming partikular na detalye hangga't posible. Magpanatili at gumawa ng mga kopya ng lahat ng dokumentasyon (hal., mail sa pagkapoot o mga recording ng mga tawag sa pagkapoot). Kunan ng larawan ang anumang pinsala sa katawan, nakakapanakit na graffiti, at/o ebidensya ng bandalismo.

Pagpapanatiling Pribado ng Impormasyon ng Biktima: Magiging pampublikong tala ang ilang impormasyong nakolekta sa panahon ng pagsisiyasat. Kung gusto mong panatilihin pribado ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, dapat mo itong ipaalam sa tanggapan ng tagapagpatupad ng batas na nangangasiwa sa iyong kaso. Kung papanatilihin mong pribado ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, ang tauhan na tagapagpatupad ng batas at abugado ng maysala lang ang makaka-access dito. Ngunit hindi mo kailangan makipag-usap o makipagkita sa abugado ng maysala. Kung tatawagan ka ng o makikipag-ugnayan sa iyo ang abugado, maaari mong hindi sagutin ang mga tawag o tanggihang makipag-usap sa kanya.

Access ng Biktima sa Ulat ng Pulisya: Mayroon kang karapatan sa mga pampublikong bahagi ng ulat ng pulisya, kabilang ang: impormasyon tungkol sa insidente at pag-aresto; mga pangalan at address ng taong inaresto at iba pang tao at saksing sangkot sa kaso (maliban sa mga kumpidensyal na informant); mga pahayag mula sa mga saksi at iba pang partido, kung mayroon man; paglalarawan sa anumang sangkot na ari-arian; petsa, oras, at lokasyon ng insidente; at mga diagram, larawan, o iba pang dokumentaryong ebidensya.

Gayunpaman, may ilang bahagi ng tala na hindi pampubliko na hindi maaaring ibahagi sa mga biktima, kabilang ang: pagsusuri o konklusyon ng opisyal sa pagsisiyasat; impormasyong maaaring makapahamak sa kaligtasan ng sangkot sa kaso; Impormasyong maaaring makahadlang sa matagumpay na pagsisiyasat sa kaso o sa isang kaugnay na kaso. Upang mag-access ng ulat, dapat kang magpadala ng nakasulat na kahilingan sa istasyon ng pulisya kung saan inihain ang ulat ng pulisya.

2. Maghahain ng Mga Kaso ang Abugado ng Distrito (District Attorney, "DA"):

Pagkatapos ng krimen, magpapadala ng ulat ang pulisya sa tanggapan ng Abugado ng Distrito (District Attorney, "DA"), at pagpapasyahan ng DA kung mayroong sapat na ebidensya upang patunayang nangyari ang krimen. Kung wala, papalayain ang taong inaresto. Kung mayroong sapat na ebidensya, kakasuhan ang taong ito. Magkakaroon ng nakasulat na Reklamo kung saan nakalista ang mga kaso. Ang mga kaso ay maaaring: misdemeanor, isang hindi gaanong mabigat na krimeng maaaring maparusahan sa pamamagitan ng multa at/o hanggang 1 taong pagkakakulong; o pelonya, isang mas mabigat na krimeng maaaring maparusahan sa pamamagitan ng multa at/o mahigit 1 taong pagkakakulong o kamatayan.

Kung kailangan mo ng suporta sa pagsasalin upang maunawaan ang mga pagdinig sa korte, maaari kang humiling ng tulong mula sa korte. Bagama't hindi nag-aalok ng mga serbisyo sa pagsasalin o interpretasyon ang Mga Tanggapan ng Abugado ng Distrito ng Alameda County at San Francisco County, maaaring hilingin ang mga naturang serbisyo para sa mga kalahok sa mga pagdinig sa korte sa parehong county. Sa Alameda County, sa DA dapat humiling, at sa San Francisco County, sa tanggapan ng Klerk o klerk ng silid-hukuman dapat humiling.



3. Suporta para sa Mga Biktima Pagkatapos ng Pag-aresto

Witness Assistance Center para sa Biktima: May Center ang bawat county sa California na karaniwang nasa tanggapan ng DA. Ang bawat Center ay mayroong Tagapagtaguyod ng Biktima sa tauhan na tumutulong sa mga biktima na maghanap ng pagpapayo at pabahay, maghanda para sa korte, mag-apply para sa pagbabayad, at makakuha ng mga utos sa pagprotekta, kung kinakailangan.

- Alameda County – (510) 272-6180, askvw-da@acgov.org
- San Francisco County – (628) 652-4100, victimservices@sfgov.org
- San Mateo County – (650) 599-7479, da.smcgov.org
- Sacramento County – (916) 874-5701, daoffice@sacda.org
- Stanislaus County – (209) 525-5541

Lupon ng Pagbabayad sa Biktima ng California (California Victims Compensation Board, CalVCB): Tumutulong ang programa ng CalVCB na bayaran ang mga biktima ng mararahas na krimen para sa ilang partikular na gastos na nauugnay sa krimen, tulad ng pagpapagamot, pagpapalibing, paglipat ng lokasyon, kita, atbp. Kahit na hindi maghain ng mga kaso ang DA, maaari pa ring mabayaran ang mga biktima para sa mga nawala sa kanila kung magiging kwalipikado sila. Upang mag-apply para sa CalVCB, tumawag sa 1-800-777-9229 o bisitahin ang www.vcgcb.ca.gov/victims/. Tandaan: Hindi maaaring tumanggap ang biktima ng bayad-pinsala mula sa maysala at reimbursement mula sa CalVCB para sa iisang gastos. Kung mangyayari ito, kakailanganin ng biktima na isauli ang anumang pondo para sa reimbursement sa CalVCB.



4. Pagsasakdal: Unang Pagdalo sa Korte

Dadalhin ang maysala (na akusado na ngayon) sa korte, sasabihin sa kanya ang tungkol sa mga kaso, at hihilingin sa kanyang umapelang “nagkasala” o “hindi nagkasala.” Sasabihan din ang maysala na mayroon siyang karapatang kumuha ng abugado. Sa ngayon, umaapelang “hindi nagkasala” ang karamihan sa mga akusado, at magtatakda ang hurado ng petsa para sa isang paunang pagdinig. Ngunit hindi nagpapatuloy sa paglilitis ang karamihan sa mga kaso. Lyon ay dahil gumagawa ng “deal sa apela” ang karamihan sa mga akusado bago ang paglilitis. Maaaring ang deal ay ang magsabi ng “nagkasala” o “walang pagtutol” bilang kapalit ng mas magaang parusa, at maaaring mangyari ang pagbibigay ng parusa sa loob ng 6 na araw. (Magkapareho ang epekto ng apelang walang patutol at apelang nagkasala).

Ano ang Mangyayari Pagkatapos ng Apelang Nagkasala/Walang Pagtutol? Umaapelang nagkasala o walang pagtutol ang karamihan sa mga akusado at maaaring mangyari ang mga sumusunod: (i.) Pagkakadetina—maaaring ipadetina o ipakulong ang akusado upang buuin ang sentensya (ii.) Pagpapalaya para Magtrabaho—maaaring buuin ng akusado ang sentensya sa pamamagitan ng paggawa sa programang Pagpapalaya para Magtrabaho o Serbisyo sa Komunidad (na karaniwang sa Kagawaran ng Sheriff). Dapat magbayad ang akusado upang mag-sign up para sa programang ito (iii.) Pagkakabilanggo sa Bahay—maaaring buuin ng akusado ang sentensya sa ilalim ng pagkakabilanggo sa bahay. Magsusuot siya ng electronic device na karaniwang sinusubaybayan ng Kagawaran ng Sheriff. Dapat magbayad ang akusado para sa programang ito.

Ano ang Mangyayari Pagkatapos ng Pag-apelang Hindi Nagkasala? (i.) Pagkakadetina—maaaring kailanganing manatiling nakadetina ang akusado sa panahon ng paglilitis. Ito ay tinatawag na pagkakakulong; (ii.) Piyansa—Kung makapagbayad ng piyansa ang akusado, maaari siyang pakawalan at bumalik sa korte para sa paglilitis; (iii.) O.R. Release--Ang O.R. (own recognizance) ay pangangako ng akusado na babalik sa korte para sa paglilitis. Walang piyansa o iba pang kundisyon. Kung hindi siya babalik tulad ng ipinangako, maghahain ng arrest warrant ang korte.

Paano Pagpapasyahan ng Korte Kung Mananatiling Nakadetina ang Akusado: Sa pagtukoy kung mananatiling nakadetina ang isang akusado, may ilang salik na titingnan ang korte, kabilang dito ang bigat ng (mga) krimen; epekto sa (mga) biktima; mga ugnayan ng akusado sa komunidad; kriminal na tala ng akusado; posibilidad ng pagtakas ng akusado sa ibang bansa; panganib ng pinsala sa biktima at komunidad.

5. Ano ang Mangyayari Bago ang Paglilitis?

- Paunang Pagdinig: Susuriin ng hurado ang ebidensya upang pagpasyahan kung mayroong probable cause (sapat na ebidensya) upang i-hold ang akusado para sa paglilitis tungkol sa (mga) krimeng inireklamo.
- Pagtuklas: Dapat ibahagi ng DA at abugado sa pagdependa sa isa't isa ang karamihan sa kanilang ebidensya bago ang paglilitis. Itinuturing na “pribilehiyo” ang ilan sa mga ebidensya at hindi kailangang ibahagi ang mga ito. Ang prosesong ito ay nagbibigay ng ideya sa isang panig tungkol sa kung gaano katibay ang ebidensya ng kabilang panig.

- Mga Mosyon Bago ang Paglilitis: Ito ay mga kahilingan sa hurado bago ang paglilitis upang humiling ng pagpapasya tungkol sa isang partikular na paksa, tulad ng pagpapasyang gawing testigo ang isang tao (Mosyong Hilinging Tumestigo), o isara ang kaso (Mosyong Isara). Maaaring magharap ng mga saksi at magbahagi ng iba pang ebidensya ang parehong panig. Kapag nanalo o natalo sa isang mosyon bago ang paglilitis, hindi ito nangangahulugan ng tiyak na pagkapanalo o pagkatalo para sa kaso.
- Deal sa Apela (Kasunduan sa Apela): Maaaring gumawa ng deal sa apela ang DA at akusado anumang oras hanggang sa basahin ng korte ang hatol.
- Petsa ng Paglilitis: Iginagarantiya ng batas sa akusado ang isang mabilis na paglilitis. Dapat itakda ang petsa sa loob ng 30 araw mula sa pagsasakdal o apelang hindi nagkasala ng akusado, alinman ang mas huli. Tandaan: Isinusuko ng maraming akusado ang kanilang karapatan sa isang mabilis na paglilitis. Kung mangyayari iyon, mag-iiskedyul ang korte ng petsa ng paglilitis na lampas sa 30 araw na limitasyon.

6. Ang Paglilitis

Sasailalim sa Paglilitis ang Akusadong Umapelang Hindi Nagkasala. May dalawang uri ng mga paglilitis: (1.) Bench Trial: Hurado lang, kung hihilingin ito ng akusado at isusuko niya ang karapatan sa isang paglilitis ng hukuman, o (2.) Paglilitis ng Hukuman: 12 kasamahang pinili ng DA at Abugado sa pagdepensa sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga tao mula sa pool ng hukuman.

Ano ang Mangyayari sa Paglilitis? Upang subukang patunayan ang kanyang kaso, gagawin ng bawat panig (ang DA at Abugado sa pagdepensa) ang mga sumusunod: Gagawa ng mga pambungad na pahayag; Magbabahagi ng ebidensya at maghaharap ng mga saksi; Masusing susuriin ang mga saksi at tututol; Magbabahagi ng mga pangwakas na argumento.

Ano ang Mangyayari Pagkatapos ng Paglilitis? Malakas na sasabihin ng hurado o hukuman ang hatol. Ang mga posibleng hatol ay:

- Hindi Nagkasala: Kung mapag-aalaman ng hurado o hukuman na hindi nagkasala ang akusado, mapapawalang-sala ang akusado sa mga kaso. Nangangahulugan ito na malaya na siya. Makikita ang kaso sa kriminal na tala ng akusado. Ngunit makikita rin dito na napag-alamang hindi siya nagkasala. Hindi maaaring iapela o muling ipalitis ng DA ang kaso.
- Hung Jury: Sa isang paglilitis ng hukuman, dapat sumang-ayon ang lahat ng 12 hukuman na nagkasala o hindi nagkasala ang akusado. Kung hindi sila sumasang-ayon, sasabihin nila ito sa hurado, at magdedeklara ang hurado ng "maling paglilitis." Maaaring isara ng DA ang kaso, subukan niyang talakayin ito sa abugado sa pagdepensa, o muli niyang ipalitis ang kaso.
- Nagkasala: Maaaring mapag-alamang hindi nagkasala ang akusado sa lahat ng o ilan sa partikular na sitwasyon.



7. Ang Sentensya

Nakadepende ang sentensya ng isang akusado sa kanyang partikular na kaso. Maaaring utusan ang akusado na: magbayad ng multa sa Estado ng California; magbayad ng bayad-pinsala sa biktima; magpadetina (kung 1 taon o mas maikli ang parusa); magpakulong (kung mahigit 1 taon ang parusa); sumailalim sa probation o parole.

May karapatan din ng mga biktima na hilingin sa maysala na bayaran sila para sa mga pagkalugi nila, kahit na nasa kulungan ng county o kulungan ng estado ang maysala. Maaaring kumuha ang mga biktima ng utos na magbayad-pinsala habang nakadetina/nakakulong ang mga maysala. Dapat sumunod ang mga taong sumasailalim sa probation at parole sa ilang partikular na panuntunan o tuntunin, kabilang ang pagbabayad ng bayad-pinsala. Kung hindi sila susunod, maaari silang pagmultahin at/o ipadetina o ipakulong. Kadalasang kalakip ng mga kasunduan sa apela ang mga tuntunin ng probation.



8. Pagkatapos ng Pagbibigay ng Sentensya

Mga Apela: Maaaring hilingin ng akusadong napag-alamang nagkasala sa isang krimen sa mas mataas na korte na pagpasyahan kung nakatanggap siya ng patas na paglilitis. Ito ay tinatawag na apela. Hindi maaaring humiling ng bagong paglilitis ang akusadong napag-alamang nagkasala ng pelonya. Ngunit may karapatan siyang humiling ng apela kung: (1) walang sapat na ebidensya upang patunayan ang hatol, o (2) may mga pagkakamali sa batas na ginawa bago ang o sa panahon ng paglilitis. Dapat hilingin ng akusado sa Korte ng Mga Apela na iapela ang kasong ito sa loob ng 60 araw mula sa pagbibigay ng sentensya. Hindi katulad ng paglilitis ang apela. Magkakaroon ng panel ng mga hurado, at walang saksi o hukuman. Maaaring pagpasyahan ng mga hurado na sang-ayunan (panatilihin), baguhin, o pawalan ng bisa ang pagpapasya ng mas mababang korte. Kung gustong kuwestiyunin ng akusado at DA ang pagpapasya ng Korte ng Apela, dapat nila itong gawin sa Korte Suprema. Katulad sa ibang pagdinig, karapatan ng mga biktima na maabisuhan tungkol sa pagdinig sa apela, dumalo rito, at makatanggap ng kopya ng pagpapasya ng korte. Susuportahan ng Tanggapan ng Abugado Heneral ng California - Unit para sa Mga Serbisyo sa Biktima ang mga biktima at magsisilbi itong Tagapagtaguyod ng Biktima sa yugtong ito: 1-877-433-9069.

Maaaring Mangolekta ng Bayad-pinsala ang Mga Biktima: Maaaring magsimulang mangolekta ng bayad-pinsala ang mga biktima anumang oras pagkatapos hilingan ng korte sa akusado na bayaran ang isang partikular na halaga sa isang partikular na tao. Kung nasa kulungan ng estado ang akusado, magsisimulang mangolekta ang Kagawaran ng Mga Pagwawasto at Rehabilitasyon sa California (California Department of Corrections and Rehabilitation, "CDCR") sa ngalan ng biktima. Para sa higit pang impormasyon, tawagan ang CDCR sa: 1-877-256-6877. Kung nasa kulungan ng county ang akusado o pinalaya na siya, maaaring kailanganin ng biktima na hilingin sa korte sibil na ipatupad ang utos na magbayad ng bayad-pinsala sa pamamagitan ng lien, pagkaltas sa sahod, o bank levy. **Maaaring hilingin ng biktima sa korte na mag-isyu ito ng utos na magbayad-pinsala upang mabayaran ang maraming uri ng pagkalugi, kabilang ang: ninakaw o napinsalang ari-arian; mga medikal o dental na gastusin; mga gastusin sa pagpapayo para sa kalusugan ng pag-iisip; pagkawala ng kita; mga gastusin sa pagpapalibing; mga legal na bayarin; ilang gastusin sa seguridad; at mga pagbabago sa bahay o sasakyan kung magkakaroon ng permanenteng kapansanan ang biktima.**

9. Mga Karapatan sa Marsy's Law

Pangkalahatang-ideya ng Marsy's Law: Tandaang sa kabuuan ng iyong kaso sa criminal justice, mayroon kang mga karapatan sa ilalim ng Marsy's Law ng California (na kilala rin bilang Bill of Rights Act ng Biktima) na nagbibigay ng mahahalagang karapatan sa mga biktima ng pinsala sa pangangatawan, pag-iisip, o pananalapi bilang resulta ng krimen o tangkang krimen. Kasama sa mga biktima ang direktang biktima, isang malapit na miyembro ng pamilya, tagapag-alaga, o legal na kinatawan. Awtomatikong inilalapat ng sistema ng criminal justice ang ilang karapatan sa ilalim ng Marsy's Law, tulad ng karapatang malaman ang tungkol sa Marsy's Law at makatanggap ng kopya ng batas (available ang mga isinaling kopya ng Marsy's Law dito: <https://oag.ca.gov/victimservices/marsy>). Gayunpaman, kailangang partikular na hilingin ang ilang karapatan, gaya ng karapatang maabisuhan tungkol sa lahat ng pagdinig.

Nalalapat ang mga sumusunod na karapatan ng mga biktima sa ilalim ng Marsy's Law sa lahat ng yugto ng mga kriminal na paglilitis.

- Ang karapatang maabisuhan tungkol sa Marsy's Law at mga karapatan ng isang tao bilang biktima ng krimen.
- Ang karapatang mabigyan ng Marsy's Rights Card.
- Ang karapatang pakitunguhan nang patas at magalang, nang may pag-alala sa pagkapribado ng isang tao. Walang taong pinapayagang manligalig o mang-abuso ng biktima sa panahon ng sistema ng criminal justice.
- Ang karapatang maabisuhan tungkol sa mga partikular na pampublikong paglilitis sa buong proseso ng criminal justice, at dumalo at marinig sa mga paglilitis na iyon.
- Ang karapatang maprotektahan ang kaligtasan ng isang tao nang may mga restraining order laban sa akusado o sinumang kumikilos para sa akusado.
- Ang karapatang maiproseso ang paglilitis at iba pang kriminal na paglilitis nang walang pagkaantala.

10. Mga Resource para sa Mga Biktima ng Krimen - Nasa ibaba ang isang compilation ng mga resource ng biktima sa buong estado at sa lokal tungkol sa pagpapayo, adbokasiya, at suportang pinansyal.

Mga Resource sa Buong Estado

- Tanggapan ng Abugado Heneral sa California - Yunit ng Mga Serbisyo sa Biktima: Nagbibigay ng suporta, impormasyon, at tulong sa mga biktima sa proseso ng pag-apela. 1-877-433-9069; www.oag.ca.gov/victimservices.
- Tanggapan ng Mga Karapatan ng at Serbisyo sa Biktima at Survivor ng Kagawaran ng Mga Pagwawasto at Rehabilitasyon sa California (California Department of Corrections and Rehabilitation, CDCR): Tumutulong sa mga biktima na makakuha ng bayad-pinsala, abiso tungkol sa mga pagdinig para sa kustodiya o parole, at sumulat ng mga pahayag ng epekto habang nakakulong o nakadetina ang akusado. 1-877-256-6877; www.cdcr.ca.gov/.
- Lupon ng Pagbabayad sa Mga Biktima sa California (California Victims Compensation Board, CalVCB): Tumutulong na bayaran ang mga biktima ng mararahas na krimen para sa ilang partikular na gastos na nauugnay sa krimen. May karapatan ang mga biktima na mag-apply para sa reimbursement para sa mga pagkalugi tulad ng: medikal, libing, paglipat ng lokasyon, kita, atbp. 1-800-777-9229; www.vcgcb.ca.gov/victims.

- Programang Ligtas sa Tahanan ng Kalihim ng Estado sa California: Tumutulong sa mga biktima ng karahasan sa tahanan o pag-stalk. Nagbibigay ang Programa ng kumpidensyal na mga address ng P.O. Box upang maprotektahan ang pagkapribado at pagiging anonymous ng mga biktima. 1-877-322-5227; www.sos.ca.gov/registries/safe-home/.
- Pambansang Sentro para sa Mga Biktima ng Krimen: Isang nonprofit na organisasyong nagtataguyod ng mga karapatan ng mga biktima, nagsasanay ng mga propesyonal na nakikipagtulungan sa mga biktima, at nagsisilbing isang mapagkakatiwalaang pinagmumulan ng impormasyon tungkol sa mga isyu ng mga biktima. Nakatuon ang Pambansang Sentro sa pagtulong sa mga biktima ng krimen at kanilang mga pamilya na muling mabuo ang kanilang mga buhay. 1-844-LAW-HELP (529-4357); www.victimsofcrime.org/.
- Sentro ng Legal na Resource ng Mga Biktima (Victims' Legal Resource Center, VLRC): Nagbibigay ng impormasyon sa mga biktima ng krimen tungkol sa kanilang mga karapatan at lokal na resource, gaya ng: pagpapayo, mga tirahan, adbokasiya, at higit pa. 1-800-VICTIMS (842-8467); 1800VICTIMS@pacific.edu; www.1800VICTIMS.org/.
- Mga Sentro ng Tulong sa Biktima/Saksi: Nag-aalok ang Mga Tagapagtaguyod ng Biktima sa bawat Sentro ng iba't ibang serbisyo sa mga biktima ng krimen, gaya ng paggabay sa kanila sa pamamagitan ng sistema ng criminal justice at pag-update sa kanila tungkol sa katayuan ng kanilang kaso.
- Ang Locator ng Bilanggo ng Kagawaran ng Mga Pagwawasto at Rehabilitasyon sa California (California Department of Corrections and Rehabilitation, CDCR): Nagbibigay ng mga abiso sa mga biktima tungkol sa katayuan ng kustodiya ng akusado. 1-916-445-6713 inmatelocator.cdcr.ca.gov.

Mga Resource ng Lokal na Komunidad sa Bay Area

- Community Health for Asian Americans (<https://chaaweb.org/>): Nagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali na nakabatay sa komunidad para sa mga bata, kabataan, at nasa hustong gulang sa pamamagitan ng therapy, pamamahala ng kaso, pag-iwas at paggamot sa alak at iba pang droga, konsultasyon, at pagtatasang sikolohikal. Nag-aalok ang CHAA ng malawak na serbisyo para sa mga bata, kabataan, at kanilang mga pamilya na nahaharap sa mga hamon sa emosyon at pag-uugali, at mga nasa hustong gulang na walang tirahan o nasa panganib.
- Vietnamese American Community Center of the East Bay (<https://www.vacceb.net/>): Nagbibigay ang VACCEB ng proteksyon at resource para sa mga may maliit na kita, Southeast Asian at hindi gaanong kinakatawang komunidad ng imigrante sa San Francisco Bay Area. Nagbibigay ang VACCEB ng iba't ibang serbisyo sa suporta, kabilang ang pag-access sa mga masustansyang pagkain, programa para sa nakatatanda, tulong sa pabahay, legal at pang-edukasyong serbisyo sa imigrasyon, Ingles bilang Pangalawang Wika (English as a Second Language, ESL), at pagpapaunlad ng trabaho.
- Korean Community Center of the East Bay (<https://kcceb.org>): Nagsasagawa ang KCCEB ng mga programa sa pamumuno ng nakatatanda, mga klase ng pag-iwas sa pagkatumba ng nakatatanda at Tai Ji Quan, mga klase ng paghahanda sa pagkamamamayan, mga workshop sa kabutihan, mga pagkain para sa mga nakatatanda, impormasyon tungkol sa mga serbisyong panlipunan at segurong pangkalusugan, mga check-in na tawag sa nakatatanda para sa COVID 19, mga linya ng impormasyon ng Korea tungkol sa iba't ibang serbisyong pangkaligtasan ng pamahalaan sa Bay Area, at pagpapayo.

- Chinatown Community Development Center (<https://www.chinatowncdc.org/>): Nilalayan ng Chinatown Community Development Center na bumuo ng komunidad at pagandahin ang kalidad ng buhay para sa mga residente ng San Francisco. Pangunahing naglilingkod ang CCDC sa kapitbahayan ng Chinatown, at naglilingkod din ito sa iba pang lugar kabilang ang North Beach at ang Tenderloin. Nag-aalok ang CCDC ng pagpapayo para sa iba't ibang isyu kabilang ang pagpapaalis, mga pagtaas ng renta, pagsasalin at paghahain ng mga form, atbp. Ang mga oras ng pagbisita sa pagpapayo sa pabahay ay available sa pangkalahatang publiko nang walang appointment tuwing Lunes nang 2-4 PM at tuwing Huwebes nang 10:30 AM – 12:30 PM sa 663 Clay Street, San Francisco, CA 94111. Maaaring magpa-appointment sa pamamagitan ng pagtawag sa 415-984-2728.
- Asian Prisoner Support Committee (APSC) (<https://www.asianprisonersupport.com/>): Misyong ng APSC na magbigay ng direktang suporta sa mga bilanggong Asian and Pacific Islander (API) at ipalaganap ang kaalaman tungkol sa dumaraming bilang ng mga API na ibinilanggo, ikinulong, at pinaalis sa bansa. Nagbibigay ang programang ROOTS 2 Reentry (R2R) ng APSC ng suporta para sa mga dating nakulong na API at “Iba pa” sa Alameda county sa kanilang pag-uwi sa bahay at pagsisimula ng muling pagbabalik. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring mag-email sa referrals@asianprisonersupport.org.
- APIENC (<https://apienc.org/>): Nilalayan ng APIENC na itaguyod ang lakas ng queer at transgender na Asian at Pacific Islander upang palakasin ang mga boses at gawing mas nakikita ang mga komunidad ng Asian. Sa pamamagitan ng pagsasaayos sa Bay Area, ang layunin ay bigyan ng inspirasyon at sanayin ang mga pinuno ng mga katutubo, at makipagtulungan sa mga organisasyon upang mapanatili ang isang masiglang ecosystem ng kilusan.
- API Legal Outreach (<https://www.apilegaloutreach.org/>): Nagbibigay ng impormasyon at mga legal na serbisyo para sa maraming paksa (mga krimen sa pagkapoot, pang-aabuso sa nakatatanda, karahasan sa tahanan, imigrasyon, kustodiya sa bata, pabahay, atbp.). Maaaring magpa-appointment sa (415)567-6255 o (510)251-2846 nang Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 9 AM at 5 PM.
- Family Bridges, Inc. (<https://www.familybridges.org/services/>): Nag-aalok ng programa sa mga serbisyong panlipunan (pangkalahatang impormasyon at referral, mga serbisyo sa pagkamamamayan at pampublikong serbisyo sa notaryo), at available ang mga walk-in nang Lunes hanggang Biyernes mula 9 AM hanggang 12 PM at mula 1 PM hanggang 3 PM sa: 168 – 11th Street, Oakland, CA. Maaaring magpa-appointment sa pamamagitan ng (510) 839-2022.
- Asian Health Services (<https://asianhealthservices.org/>): Ang Asian Health Services, na itinatag noong 1974, ay nagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan, panlipunan, at pang-adbokasiya para sa lahat anuman ang kita, katayuan ng seguro, katayuan ng imigrasyon, wika, o kultura. Matatagpuan ang kagawaran ng mga serbisyo sa pagiging miyembro sa 818 Webster Street, Oakland, CA 94607, at maaari ding tumawag ang mga indibidwal sa 510-986-6880 upang magpaikedyul ng appointment sa pagpaparehistro.

Suportang Pinansyal para sa Mga Biktima ng Karahasan Laban sa AAPI sa Bay Area

- Sinimulan ng Asian Health Services ang Pondo ng Biktima sa Oakland Chinatown nito (<https://asianhealthservices.org/donate>) upang suportahan ang mga indibidwal at pamilyang naapektuhan ng kamakailang krimen at mga pag-ataking nangyari sa Oakland Chinatown. Mangyaring makipag-ugnayan sa Asian Health Services para sa impormasyon tungkol sa pag-apply upang maging benepisyaryo ng mga pondong ito.
- Itinatag ng Community Youth Center of San Francisco (“CYC”) ang Pondo ng Mga Biktima at Survivor nito (<https://www.gofundme.com/f/sf-api-victims-and-survivors-assistance-fund?fbclid=IwAR0kBeCDeCde5WjLNwSGFTeNF-TfuzXCq89Dve2vp5F7j97f0s25qZIf0r0>) upang makatulong na matugunan ang mga agarang pangangailangan ng mga naapektuhan ng karahasan laban sa AAPI. Direktang mapupunta ang pondong nakalap sa kampanyang ito sa pagsuporta sa iba't ibang pangangailangang pinansyal ng mga biktima at survivor na API upang tulungan sila sa pagpapagaling. Ang paggawa ng pondong ito ay bahagi ng proseso ng CYC sa pagbuo ng isang imprastraktura sa buong lungsod para sa panlipunang suporta at kaligtasan na magbibigay ng koordinasyon sa serbisyo upang matulungan ang mga pamilya ng API at biktima ng krimen. Mangyaring makipag-ugnayan sa CYC sa (415) 775-2636 o cyc@cyssf.org para sa impormasyon sa pag-apply para sa pondong ito.



II. ADBOKASIYA NG MAG-AARAL

1. Kahulugan ng Pagkiling o Pananakot na Dulot ng Pagkapoot

Ang pananakot ay agresibong pag-uugaling sinasadyang manakit ng ibang taong hindi gumagawa ng agresibong pag-uugali. Ang taong gumagawa ng pananakot ay nagsasabi o gumawa ng isang bagay nang sinasadya upang pisikal o emosyonal na makapinsala sa ibang tao. Mayroong mas maraming kapangyarihan at lakas ang taong gumagawa ng pananakot (o sa palagay ng iba ay mayroon sila) kaysa sa taong tinatakot. Ang kapangyarihan ay maaaring nasa edad, pisikal na lakas, o kasikatan. Madalas na nangyayari ang gawi nang paulit-ulit.

Ang pagkiling o pananakot na dulot ng pagkapoot ay pagkiling laban sa o pagkapoot sa isang tao o grupo. Kung dulot ng pagkapoot ang pag-uugali o insidente, maaari itong katumbas ng isang krimen sa pagkapoot sa ilang sitwasyon. Kasama sa ilang halimbawa ng pananakot na dulot ng pagkapoot ang panunuya sa lahi, relihiyon, pambansang pinagmulan, sekswal na oryentasyon, o mga pisikal o mental na kapansanan ng isang tao. Maaari ding maging agresibo, mapagtunggali, at mapang-atake ang gawi ng pananakot.

2. Mga Resource sa Buong Estado para sa Mga Magulang na Nahaharap ang Mga Anak sa Pananakot Laban sa Asian

Mayroong mahalagang tungkuling ginagampanan ang mga magulang sa pagkilala ng mga palatandaan ng pananakot. Ang mga mag-aaral ay kadalasang may naiibang pagkilos, maaaring punit ang mga damit, o hindi gaanong interesado sa gawain sa paaralan. Dapat magsagawa ng pagkilos ang mga magulang kung may kakaibang nararamdaman sa pakikipag-ugnayan nila sa kanilang anak. Kung pinaghihinalaan mong tinatakot ang iyong anak, kausapin ang iyong anak at iparamdam sa kanyang suportado siya. Idokumento ang lahat ng impormasyon ng pag-uusap at iulat ang pananakot sa paaralan at/o maghain ng mga pormal na reklamo sa distrito ng paaralan at/o pederal na Kagawaran ng Edukasyon.

Tanungin ang paaralan para sa mga patakaran at proseso ng reklamo nito laban sa pananakot. Ang mga dokumentong ito ay dapat na madaling ma-access sa paaralan o sa website ng distrito ng paaralan (ipinag-aatas sa ilalim ng Seth's Law ng California, na nagsasaad na, "[k]ung makasaksi ang tauhan ng paaralaan ng aktibidad ng diskriminasyon, panliligalig, paninindak, o pananakot, dapat siyang magsagawa ng mga agarang hakbang upang mamagitan kapag ligtas itong magagawa." Dapat gumamit ang mga distrito ng paaralan ng isang proseso para sa pagtanggap at pagsisiyasat ng mga reklamo ng diskriminasyon, panliligalig, paninindak, o pananakot. Dapat kasama sa proseso ang isang timeline upang siyasatin at lutasin ang mga reklamo at isang proseso ng pag-apela para sa nagrereklamo. Mananatiling kumpidensyal ang lahat ng reklamo, kung naaangkop, at ipinag-aatas sa mga paaralan na protektahan ang mga nagrereklamo mula sa paghihiganti.

Makipag-usap sa mga tagapangasiwa ng paaralan tungkol sa kung ano ang nangyari at tiyaking naidokumento ng tauhan ng paaralan ang kuwento nang nakasulat. Dapat mong tanungin ang paaralan para sa plano nito na tugunan ang pananakot at isang timeline ng mga susunod na hakbang. Kung hindi magsasagawa ang paaralan ng mga hakbang upang maitama ang problema, o kung hindi ka komportable sa pakikipag-usap sa tauhan ng paaralan, maaari ka ring maghain ng reklamo.

- Mayroong tatlong uri ng mga reklamo: Maghain ng pormal na reklamo na Parehong Pamamaraan ng Reklamo (Uniform Complaint Procedure, UCP) (https://www.aclunc.org/docs/uniform_complaint_form.pdf) sa distrito ng paaralan, na maaaring iapela sa Kagawaran ng Edukasyon sa California. Maaaring ihain ang mga reklamong ito sa ngalan ng iyong sarili o ibang tao at maaaring maging anonymous ang mga ito.
- Isang pormal na Reklamo ng Abugado Heneral (Attorney General, AG) sa California. Isang reklamo ng AG tungkol sa pananakot o panliligalig sa paaralan ang inihain sa Kawanihan ng Hustisya ng Mga Bata sa California.
- Magsumite ng pormal na reklamo na “OCR” sa Tanggapan para sa Mga Sibil na Karapatan ng Kagawaran ng Edukasyon (<https://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/complaintprocess.html?src=image>). Maaaring ihain ang mga reklamong ito sa ngalan ng iyong sarili o ibang tao at maaaring maging anonymous ang mga ito.

Dapat aksyunan at tugunan ng mga paaralan ang pananakot o panliligalig. Gayunpaman, maaaring hindi awtomatikong suspindihin o patalsikin ng paaralan ang pananakot na mag-aaral, dahil madalas na hindi iyon ang pinakamabisang paraan upang ihinto o mapigilan ang pananakot at panliligalig. Maaaring i-refer ng mga paaralan ang mga mag-aaral na tinakot, na nasangkot sa pananakot, at na nagmamasid sa pananakot, sa mga tagapayo at dapat lutasin ng mga ito ang salungatan sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng hustisya at mga positibong pamamagitan sa gawi.

3. Mga Resource Tungkol sa Pananakot at Pagkapoot Laban sa AAPI Sa Mga Paaralan

- Ang Act to Change (<https://acttochange.org/covid-19/>), isang pambansang 501(c)(3) non-profit na organisasyong nagsisikap upang matugunan ang pananakot, kabilang ang komunidad ng Asian American at Pacific Islander (Asian American and Pacific Islander, AAPI). Tinatakot ang mga bata at teenager sa mga paaralan sa buong bansa. Sa kasamaang-palad, maraming kabataang AAPI na tinatakot ang humaharap sa mga natatanging hadlang sa kultura, relihiyon, at wika na maaaring makapigil sa kanila na makakuha ng tulong. Nilalayon ng kampanyang ito na bigyang-kapangyarihan ang mga mag-aaral, pamilya, tagapagturo gamit ang kaalaman at mga kagamitang kailangan mo upang makatulong na ihinto at maiwasan ang pananakot sa iyong mga komunidad. Ang Act to Change ay nag-aalok ng iba’t ibang uri ng mga resource para sa COVID-19 upang labanan ang pananakot at pagkapoot, kabilang ang isang “Racism is a Virus Toolkit,” at mga resource upang iulat ang mga insidente ng karahasan, panliligalig, at cyberbullying laban sa AAPI.
- Ang Kampanya ng CYC na Manindigan para sa Kabataang AAPI sa panahon ng COVID (<https://www.cycsf.org/stand-up-for-aapi-youth-during-covid/>), na kinikilalang gumawa ng takot at pagkabalisa ang COVID-19 laban sa populasyon ng AAPI, at hindi makatarungang sinisisi ang mga komunidad ng AAPI dahil sa virus. Nagsusumikap ang programang ito na turuan ang mga kabataan tungkol sa mga panganib ng rasismo. Nakikipagtulungan ang CYC sa Beyond Differences para sa isang kampanyang tinatawag na “Kilalanin ang Iyong Mga Kamag-aral.” Layunin ng kampanya na bumuo ng isang kilusan ng pambansang adbokasiya kung saan matututunan ng kabataan na tanggiin ang mapoot na retorika at isulong ang pag-unawa at pagtanggap. Upang malaman ang higit pa tungkol sa kampanya, mangyaring bisitahin ang Beyond Differences sa <https://www.beyonddifferences.org/standup4aapiyouth/>.

4. Impormasyon upang Matugunan ang Pananakot sa Mga Pinag-isang Distrito ng Paaralan sa San Francisco at Oakland

Patakaran Laban sa Pananakot sa SFUSD. Dapat iulat ng sinumang mag-aaral, magulang/tagapag-alaga, o iba pang indibidwal na naniniwalang napapailalim ang isang mag-aaral sa pananakot o panliligalig o nakasaksi ng pananakot o panliligalig sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan sa San Francisco (San Francisco Unified School District, SFUSD), ang insidente sa isang guro, sa punong-guro, isang opisyal sa pagsunod, o sinupamang pinagkakatiwalaang empleyado ng paaralan. Sa loob ng isang araw ng negosyo mula sa pagtanggap ng naturang ulat, dapat abisuhan ng isang miyembro ng mga tauhan ang punong-guro tungkol sa ulat, naghain man ng parehong reklamo o hindi. Bilang karagdagan, ang sinumang empleyado ng paaralan na nagmamasid sa isang insidente ng pananakot o panliligalig na kinasasangkutan ng isang mag-aaral ay dapat, sa loob ng isang araw ng negosyo, mag-ulat ng kanyang pagmamasid sa punong-guro, maghain man ng reklamo ang pinaghihinalaang puntirya o hindi. Bibigyan ng pagkakataon ang isang mag-aaral na pinaghihinalaang puntirya ng pananakot na ilarawan ang insidente, kilalanin ang mga saksing maaaring may nauugnay na impormasyon, at magbigay ng iba pang ebidensya ng pananakot. Sa loob ng dalawang araw ng negosyo mula sa pagtanggap ng ulat ng pananakot at panliligalig sa batayan ng pagmamay-ari o pagkilala bilang kabilang sa isang pinoprotektahang klase (na tinukoy sa California na may kaugnayan sa lahi o etnisidad, pambansang pinagmulan, katayuan ng imigrasyon, atbp.), dapat abisuhan ng punong-guro ang opisyal ng pagsunod sa Distrito. Bilang karagdagan, kapag isinumite ang isang ulat ng pananakot o panliligalig, dapat ipaalam ng punong-guro o isang opisyal ng pagsunod sa Distrito sa mag-aaral o magulang/tagapag-alaga ang tungkol sa karapatang maghain ng pormal na nakasulat na reklamo.

Paano Maghain ng Pormal na Nakasulat na Reklamo Tungkol sa Pananakot o Panliligalig sa SFUSD. Kung ikaw o ang isang taong kilala mo ay naging biktima ng pananakot o panliligalig sa isang programa o aktibidad na na-host ng SFUSD, mangyaring direktang iulat ang insidente sa administrator ng lugar ng paaralan. Pagkatapos matanggap ang ulat, sisiyasatin ng isang miyembro ng pang-administratibong pangkat sa lugar ng paaralan ang iniulat na insidente. Maaari ding tumulong ang iba pang miyembro ng lugar ng paaralan, tulad ng isang tagapayo sa lugar ng paaralan, dean, o social worker sa lugar ng paaralan, kung kinakailangan. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa proseso ng pagsisiyasat, pakitingnan ang Handout na Pagsisiyasat sa Pananakot at Panliligalig ng SFUSD sa <https://drive.google.com/file/d/1u-1iFSrUzelX5AljHG7syt5zax-pdE5D/view>. Maaari mo ring iulat ang insidente sa pamamagitan ng paghahain ng Parehong Reklamo sa Tanggapan ng Equity ng SFUSD. Pakitingnan ang webpage ng Parehong Pamamaraan ng Reklamo para sa higit pang impormasyon (<https://www.sfusd.edu/services/family-supports-services/report-a-concern/uniform-complaint-procedure>).



Access sa Pagsasalin: Iniaalok ng SFUSD ang mga sumusunod na serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon para sa mga pamilya: <https://www.sfusd.edu/services/family-supports-services/translation-interpretation>. Ang Unit ng Pagsasalin at Interpretasyon (Translation and Interpretation Unit, TIU) ng distrito ng paaralan ay kumikilos bilang mahalagang tulay ng komunikasyon sa pagitan ng mga pamilyang Nag-aaral ng Ingles (English Learning, EL) at ng SFUSD. Kung ikaw ay isang magulang/tagapag-alaga ng isang mag-aaral ng SFUSD at gusto mong humiling ng mga serbisyo sa pagsasalin (pasulat) at/o interpretasyon (pasalita), maaari mong kumpletuhin ang mga form sa website sa itaas. Dahil sa napakaraming kahilingan at limitadong kakayahan ng kawani, hinihiling ng TIU na ipaalam sa kanila ng mga pamilya ang kanilang mga pangangailangan nang maaga hangga't maaari.

Patakaran Laban sa Pananakot at Mga Pamamaraan ng Nakasulat na Reklamo sa OUSD. Kaugnay nito, ang sinumang mag-aaral, magulang, o tagapag-alaga na naniniwalang nakaranas ng pananakot ang mag-aaral sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Oakland (Oakland Unified School District, "OUSD") ay maaaring maghain ng nakasulat na reklamo. Ang lahat ng nakasulat na reklamo ng pananakot na nagsasabing ang pananakot ay nauugnay sa isang protektadong katangian tulad ng lahi, bansang pinagmulan, relihiyon, sekswal na oryentasyon, kapansanan, o pagkakakilanlang kasarian ay dapat agad na ipasa sa Ombudsperson ng OUSD para sa pagsisiyasat. Sisikapin nang husto ng punong-guro ng pinag-uusapang paaralan, o ng kanyang hinirang na kumpletuhin ang isang pagsisiyasat sa loob ng labing-apat na araw ng pasok sa paaralan at iulat ang kanyang mga natuklasan sa nagrereklamo. Kung napatunayan ng punong-guro o hinirang na may naganap na pananakot, idodokumento ng punong-guro o hinirang, hanggang sa limitasyong pinapahintulutan ng mga batas sa pagiging kumpidensyal, ang mga pagkilos na ginawa para wakasan ang pananakot, matugunan ang mga epekto ng pananakot sa mag-aaral na tinakot, at magtakda ng mga hakbang upang maiwasan ang pagganti o karagdagang pananakot. Maaari mong i-access ang form upang mag-ulat ng mga insidente ng pananakot, panliligalig, o paninindak dito: <https://www.ousd.org/bullyingprevention>. Available din ang mga form sa Chinese, Vietnamese, at Khmer.





III. MGA KARAPATAN SA PABAHAY

1. Epekto ng COVID-19 sa Mga Karapatan sa Pabahay sa California

Pansamantalang Batas sa Moratorium sa Pagpapaaalis:

Nagpatupad ang lehislatura ng Estado ng California, at nilagdaan ng Gobernador ang, dalawang batas ng estado, ang Panukalang-batas ng Asembleya Blg. 3088, na nagkabisa noong Agosto 31, 2020, at ang Panukalang-batas ng Senado Blg. 91, na nagkabisa noong Pebrero 1, 2021, na nagbibigay ng mga pambuonang estadong proteksyon mula sa pagpapaaalis at pagkakaremata para sa maraming nangungupahan sa tirahan at may-ari ng ari-arian na nakakaranas ng problema sa kabuhayan dahil sa COVID-19. Ang mga proteksyong ito ay pinalawig hanggang Hunyo 30, 2021. Pinalitan ng batas ng estado ang lokal na batas sa pagbibigay ng mga proteksyon para sa mga nangungupahan sa tirahan na nahaharap sa mga pagpapaaalis.

Ano ang Kahulugan ng Pansamantalang Moratorium sa Pagpapaaalis Para sa Akin?

iKung hindi mo kayang bayaran ang lahat o ilan sa iyong renta sa pagitan ng Marso 1, 2020 at Agosto 31, 2020:

- Kung bibigyan ka ng iyong landlord ng abiso na "magbayad o umalis," dapat siyang magbigay ng abiso na nagpapaliwanag sa iyong mga karapatan at obligasyon. (Ang isang abiso na "magbayad o umalis" ay isang abiso mula sa iyong landlord na nagbibigay sa iyo ng partikular na tagal ng panahon upang bayaran ang natitirang renta na utang mo o iwan ang iyong bahay.)
- Hindi ka maaaring paalisin kung magbabalik ka ng isang deklarasyon ng pinansyal na kahirapan na nauugnay sa COVID-19, na nilagdaan sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling, at ibinalik sa loob ng 15 araw ng negosyo mula noong makatanggap ng abiso na "magbayad o umalis."
- Dapat ibigay ito sa iyo ng landlord mo upang kumpletuhin at lagdaan, at dapat ay nasa wika ito ng iyong kasunduan sa pagrenta kung pumasok ka sa iyong kasunduan sa pagrenta sa o pagkatapos ng Setyembre 1, 2020. Napakahalagang ibigay mo ang nilagdaang deklarasyon sa loob ng 15 araw ng negosyo o maaaring maghain ng paglilitis para sa pagpapaaalis laban sa iyo.
- Kung ang kita ng iyong sambahayan ay mas mataas sa 130% ng median na kita ng sambahayan sa iyong county at mas malaki sa \$100,000, maaaring hilingin ng iyong landlord na magbigay ng patunay ng iyong paghihirap na nauugnay sa COVID-19 upang suportahan ang iyong deklarasyon. May ilang bagay na maaari mong gamitin upang matugunan ang kinakailangang ito, tulad ng isang tax return, mga pay stub, at isang pahayag mula sa iyong employer, bukod sa iba pang mga bagay.
- Kung hindi mo maibibigay ang deklarasyon sa iyong landlord sa loob ng 15 araw ng negosyo, maaari mo pa ring isumite ang deklarasyon sa korte para sa mga katulad na proteksyon kung mayroon kang "magandang dahilan" para sa hindi pagbibigay nito. Kasama sa "magandang dahilan" ang mga pagkakamali, pagpapabaya, sorpresa, o mapapalampas na pagpapabaya gaya ng mapapakahulugan sa Kodigo sa Pamamaraang Sibil ng California.

Kung hindi mo kayang bayaran ang lahat o ilan sa iyong renta sa pagitan ng Setyembre 1, 2020 at Hunyo 30, 2021:

- Nalalapat ang lahat ng katulad na karapatan at obligasyon sa itaas.
- Bilang karagdagan, hanggang Hunyo 30, 2021, dapat mong bayaran ang hindi bababa sa 25% ng renta na dapat bayaran sa panahon ng Setyembre 1, 2020 hanggang Hunyo 30, 2021.
- Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng pagbabayad ng hindi bababa sa 25% bawat buwan, o sa pamamagitan ng pagbabayad ng isang lump sum na katumbas ng 25% ng iyong renta sa loob ng yugto ng panahon, o sa ibang paraan.
- Ang mahalagang bagay na dapat tandaan ay - sa Hunyo 30, 2021 - dapat mong bayaran ang 25% ng renta na dapat bayaran sa pagitan ng Setyembre 1, 2020 hanggang Hunyo 30, 2021.

Mga Legal na Pinapahintulatang Pagkilos ng Landlord:

Hanggang sa Hulyo 1, 2021, maaari lang paalisin ng isang landlord ang isang nangungupahan kung magbibigay sila ng wastong legal na dahilan. Illegal para sa isang landlord na bigyan ang nangungupahan ng 30 o 60 araw na abiso sa pagpapalis nang walang nakasaad na dahilan. Karaniwang kilala ito bilang "walang dahilang" pagpapalis. Dapat tumugma ang isinaad na dahilan sa isa sa mga wastong dahilan na pinapayagan ng batas, isang pagpapalis na may "sapat na dahilan".

Ang mga landlord na gumagawa ng mga nasabing bagay tulad ng pag-lock out ng mga nangungupahan, pag-aalis ng personal na ari-arian o pagsasara ng mga serbisyo ng utilidad upang paalisin ang isang nangungupahan, sa halip na dumaan sa kinakailangang proseso ng korte, ay maaaring maharap sa mga multa na nasa pagitan ng \$1,000 at \$2,500. May bisa ang mga parusang ito hanggang Hulyo 1, 2021. Kung naniniwala kang pinaalis ka nang labag sa batas o kung kailangan mo ng legal na payo, dapat kang kumonsulta sa isang abugado. Kung kailangan mo ng legal na tulong na abot-kaya o walang babayaran, bumisita sa www.lawhelpca.org at/o <https://landlordtenant.dre.ca.gov/resources/tenant.html> para sa mga karagdagang resource.

2. Diskriminasyon sa Pabahay

Ano ang Diskriminasyon sa Pabahay? Pinoprotektahan ng Batas sa Makatarungang Pabahay ang mga tao mula sa diskriminasyon kapag nagrerenta o bumibili sila ng bahay, kumuha ng pautang sa bahay, naghahanap ng tulong sa pabahay, o nakikibahagi sa iba pang aktibidad na nauugnay sa pabahay.

Sino ang Pinoprotektan? Ipinagbabawal ng FHA ang diskriminasyon sa pabahay dahil sa: lahi; kulay; bansang pinagmulan; relihiyon; kasarian; katayuan ng pamilya; kapansanan.

Ano ang Ipinagbabawal sa ilalim ng FHA sa Pagbebenta o Pagpaparenta ng Pabahay? Illegal na diskriminasyon na gawin ang alinman sa mga sumusunod na pagkilos dahil sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, kapansanan, katayuan ng pamilya, o bansang pinagmulan.

Ano ang Gagawin Ko Kung Sa Palagay Ko ay Dinidiskrimina Ako sa ilalim ng FHA? Ang sinumang napinsala o mapipinsala ng isang nandidiskriminang kasanayan sa pabahay ay maaaring maghain ng reklamo laban sa mga may-ari ng ari-arian, tagapamahala ng ari-arian, developer, ahente ng real estate, nagpapahiram ng pautang sa bahay, asosasyon ng may-ari ng bahay, provider ng seguro, at iba pa na nakakaapekto sa mga oportunidad sa pabahay. Kung naniniwala kang maaaring nilabag ang iyong mga karapatan, maaari kang magsumite ng reklamo. Dahil may mga limitasyon sa oras kung kailan maaaring ihain sa HUD ang isang reklamo pagkatapos ng isang pinaghihinalaang paglabag, dapat kang magsumite ng reklamo sa lalong madaling panahon pagkatapos mangyari ang insidente.

Paano Maghain ng Reklamo

- Online: Maaari kang maghain ng reklamo sa FHEO online sa Ingles o Spanish, https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/online-complaint.
- Email: Maaari mong i-download ang form na available sa https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12150.PDF, na available din sa Arabic, Cambodian, Chinese, Korean, Russian, Somali, Spanish, at Vietnamese, at i-email ito sa iyong lokal na tanggapan ng FHEO sa email address sa listahang ito (https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/contact_fheo).
- Telepono: Maaari kang makipag-usap sa isang espesyalista sa pagtanggap ng FHEO sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-669-9777 o 1-800-877-8339. Maaari mo ring tawagan ang iyong panrehiyong tanggapan ng FHEO sa mga numero ng telepono sa listahan na available dito: https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/contact_fheo.
- Mail: Maaari mong i-print ang form na ito sa https://www.hud.gov/sites/documents/DOC_12150.PDF (available din sa Arabic, Cambodian, Chinese, Korean, Russian, Somali, Spanish, at Vietnamese) at ipadala ito sa iyong panrehiyong tanggapan ng FHEO sa address na nasa listahang ito: https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/contact_fheo.



3. Epekto ng COVID-19 sa Mga Karapatan sa Pabahay sa San Francisco

Pansamantalang Moratorium sa Pagpapaaalis Dahil sa COVID-19, nagpalabas ng utos si Alkalde London Breed na pansamantalang nagsususpende sa mga pagpapaaalis sa tirahan. Nangangahulugan ito na hindi ka maaaring paalisin sa iyong bahay sa panahong ito maliban kung ikaw ay pinapaaalis dahil sa karahasan, mga banta ng karahasan, mga isyu sa kalusugan at kaligtasan, o sa Ellis Act (kung saan aalis na sa negosyo ng pagpaparenta ang iyong landlord).

Pansamantalang Extension ng Bayad sa Renta Mayroon ka ring mas maraming oras upang bayaran ang iyong renta mula Marso 13, 2020 hanggang sa mapaso ang Kautusan dahil sa mga epekto sa pananalapi ng COVID-19, tulad ng pagsasara ng negosyo, malalaking gastusing medikal, at pagkawala ng trabaho o mga sahod (kasama na ang pananatili sa bahay upang alagaan ang isang miyembro ng pamilya o anak mula sa pagsasara ng paaralan o pangangalaga ng bata). Dapat mong gawin ang iyong makakaya upang sabihin sa iyong landlord sa pamamagitan ng sulat na may patunay na hindi ka makakapagbayad dahil sa COVID-19. Kung makikipag-ugnayan sa iyo ang iyong landlord para sa isang kasunduan sa muling pagbabayad, mangyaring makipag-usap sa isang abugado. Tandaan: Hindi ipinapawalang-bisa ang rentang ito at kailangan itong bayaran sa loob ng anim na buwan kapag natapos na ang Kautusan ng Alkalde. Dapat mo ring bayaran ang iyong renta kung hindi ka pinansyal na naapektuhan ng COVID-19.

Para sa Mga Nangungupahan sa Tinutustusang Pabahay Kung nakatira ka sa tinutustusang pabahay (gaya sa Seksyon 8 o Pampublikong Pabahay) kung saan nakabatay ang iyong renta sa iyong kita, dapat mong iulat kaagad ang mga pagbabago sa kita, upang mabawasan ang iyong renta. Magtabi ng kopya ng iyong isusumite bilang patunay.

Pansamantalang Pag-freeze ng Renta May pansamantalang pagpapatigil sa ilang partikular na pagtaas ng renta na nagpapahinto sa lahat ng pagtaas ng renta na nagkaroon sana ng bisa noong o pagkatapos ng Abril 7, 2020. Ang mga pagtaas ng renta na nagkaroon ng bisa bago ang Abril 7, 2020 ay may bisa pa rin.

4. Legal na Tulong para sa Mga Nangungupahan sa Bay Area

- Asian Americans Advancing Justice: 地址: 55 Columbus Avenue San Francisco, CA 94111 電話?: (415) 896-1701 網站: www.advancingjustice-alc.org Ang mga serbisyo ay nasa Ingles, Cantonese, Mandarin, Vietnamese, at Arabic; maaaring available ang iba pang wika kapag hiniling.
- API Legal Outreach: 地址: 1121 Mission Street San Francisco, CA 94103 電話: (415) 567-6255 or (510) 251-2846 網站: www.apilegaloutreach.org Ang mga serbisyo ay nasa Ingles, Cantonese, Mandarin, Vietnamese, Korean, Tagalog, at Spanish.
- Legal na Tulong sa Mga Nakakatanda 長者法律援助地址: 1663 Mission Street, Suite 225, San Francisco, CA 94103 電話: (415) 538-3333 網站: info@laesf.org Ang mga serbisyo ay nasa Ingles, Cantonese, Mandarin, Spanish, Korean at Russian para sa mga residente ng SF na 60+ o may kapansanan.